20. Ama, palakasin at hikayatin Mo ang aming Nepal team habang sila ay walang sawang naglilingkod sa mga naghihirap na kababaihan. ( Jer. 31:25 )

21. Panginoon, palakasin Mo ang pananampalataya ng mga Pilipinong tagapakinig na nahaharap sa kahirapang pinansiyal. Nawa'y magtiwala sila sa Iyo na matustusan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. ( Matt. 6:33 )

22. Hinihiling namin Panginoon na ang mga ama sa Mongolia ay maging responsableng tagapanguna sa kanilang mga pamilya. Gayundin, mangyaring tulungan Mo ang mga single mothers na malampasan ang hirap ng pagiging magulang na walang asawa. ( Prov. 4:1-9 )

23. Ama, bigyan Mo ang susunod na henerasyon ng mga Kristiyano sa Korea ng karunungan at kasanayan na kailangan para mapalawak ang Iyong kaharian. ( Matt. 9:38 )

24. Panginoon, bigyan Mo ng pisikal at espirituwal na proteksyon ang mga single mothers sa Japan, gayundin ang mga kababaihang nahaharap sa kahirapan at mga pamilyang dumaranas ng karahasan sa tahanan. Gawin ka sana nilang kanlungan. ( Ps 34:7-9 )

25. Panginoong Diyos, bigyan Mo ng karunungan at kagalakan ang grupo sa Indonesia habang gumagawa sila ng mga programa ng Women of Hope at tulungan Mo ang mga tagapakinig na lumalim ang kanilang kaalaman tungkol kay Jesus. ( 2 Pet. 3:18 )

26. Ama namin sa Langit, ipinagdarasal namin ang mga kababaihan sa India na nahihirapang mabuntis. Mangyaring bigyan Mo sila ng lakas ng loob, pananampalataya at mga sarili nilang anak. (Ps 113:9)

27. Salamat, Panginoon, sa mga pagbabagong ginawa sa batas para sa proteksyon ng kababaihan sa China. Nawa'y magdala ang mga ito ng tunay na pagbabago sa mga nakakaranas ng diskriminasyon sa kasarian at seksuwal na pang-aabuso. (Ps. 9:9)

28. Panginoong Diyos, magdala Ka ng pagkakaisa sa pagitan ng mga miyembro at mga pinuno sa loob ng simbahan sa Cambodia. Nawa'y magkasama silang magtiyaga sa pagsasaliksik sa Iyo. ( Heb. 12:1 )

29. Panginoon, sa pangalan ni Hesus, ay ganap na manumbalik ang aming mga Pilipinong tagapakinig ng Women of Hope na nangangailangan ng iyong pagpapagaling mula sa malalang sakit tulad ng cancer at depression. ( Isa. 53:5 )

30. Panginoon, maging tagapagtanggol Ka ng mga kababaihan sa Singapore at tulungan silang huwag matakot sa pagdami ng seksuwal na pambubusabos at pang-aabuso noong 2022. (1 Pet. 3:14)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

# Women of Hope
## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 6.**

## Panalangin para sa mga Babaeng Asyano 2

Walang sinuman ang ipinanganak na nagkataon lamang. Ang Diyos ang nagplano ng ating buhay at gumagabay sa atin maging hanggang sa kasalukuyan. Sa paglalakbay natin sa buhay, minsan ay nadadapa tayo. Huwag matakot kung mangyari man ito. Habang nauunawaan natin kung gaano kadakila ang kapangyarihan ng Diyos, lalong mapupuno ng mga pagpapasalamat at pagpupuri ang ating mga panalangin.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

## Nawa'y ipanalangin po natin…

1. Ama, sana'y lumikha at itaguyod ang mga batas upang maprotektahan ang mga bata mula sa pang-aabuso sa Vietnam. Kumilos Ka sa puso at isipan ng mga magulang upang mahikayat silang mahalin, pahalagahan at alagaan ang kanilang mga anak. ( Matt. 18:10 )

2. Pinupuri ka namin, Panginoon, dahil maraming kababaihang bilanggo sa Nepal ang nakikinig sa mga programa ng Women of Hope at nakakakilala kay Jesus! (John. 3:16)

3. Ama, mangyaring magbigay Ka ng full-time na kawani para sa TWR Women of Hope ministry sa Pilipinas na mamahala sa programming, follow-up ng listener, reporting, at pagsasalin at pamamahagi ng mga prayer calendar. ( Phil. 4:6 )

4. Diyos, hinihiling namin na Iyong pakilusin ang mga Kristiyanong kababaihan sa Mongolia na tuparin ang Iyong plano sa pamamagitan ng pagdarasal, pagninilay sa iyong Salita at pagbabahagi ng ebanghelyo araw-araw. ( Mark 16:15 )

5. Panginoon, hinihiling namin na ang Women of Hope broadcast ay magbigay ng kaaliwan sa mga babaeng North Koreans na refugee sa China at akayin Mo sila kay Jesus. (Ps. 119:49-50)

6. Ama, magdala Ka ng mga tagapamagitan na maging kaagapay sa gawain ng aming Japanese TWR Women of Hope team na makakaunawa sa adhikain ng ministeryo at susuportahan ito sa pamamagitan ng pinansyal at boluntaryong pagtulong. ( Eph. 6:18 )

7. Panginoon, Ikaw ang aming kanlungan. Bigyan Mo nawa ng pagkain at pangangalagang pangkalusugan ang milyun-milyong mga babae at bata na naninirahan sa mga kampo ng mga refugees dahil sa mga sakuna sa Indonesia. ( Ps. 46:1 )

8. Panginoong Diyos, gamitin mo ang programa at mga miyembro ng Gujarati Women of Hope sa India upang mabiyayaan ng epektibong paglilingkod ang mga nangangailangan sa rehiyong ito. (1 Tim. 1:12)

9. Sa paglulunsad ng aming pagkat ng mga programang Women of Hope sa wikang Uyghur simula Hulyo 2023, bigyang-daan Mo Panginoon ang mga babaeng Chinese Uyghur na marinig ang mga broadcast at matuto tungkol kay Jesus. (Rom. 10:17)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Panginoon, nawa ay ibigay Mo ang mga pinansiyal na pangangailangan ng ministeryo ng TWR Women of Hope sa Cambodia. Ikaw si Jehovah Jireh na kanilang pinagmumulan ng pag-asa. ( Gen. 22:14)

11. Ama, tinawag Mo kami upang mamuhay ng masagana at maintindihan ang aming halaga sa Iyong harapan. Nawa'y tanggapin ng mga babaeng Nepalese ang katotohanang ito at tanggihan ang kasinungalingan na sila ay mga pangalawang uri lamang na mamamayan. (John. 10:10)

12. Panginoon, nawa'y magpakita ang simbahan at pamahalaan sa Pilipinas ng awa, pakikiramay at tulong sa mga babaeng nangangailangan na nasa prostitusyon. Nawa'y lumaya ang mga babaeng ito sa ganitong uri ng buhay. ( Prov. 14:21 )

13. Ama, palakasin Mo ang kasalukuyang ministeryo ng mga Kristiyano sa Mongolia. Nawa'y ang mga nakarinig ng ebanghelyo ay mapalaya mula sa mga gapos ni Satanas at tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas. (John. 11:27)

14. Pinupuri Ka namin, Panginoon, na ang mga tagapakinig ng Japanese Women of Hope sa radyo at YouTube ay tumutugon sa programa at ang mga boluntaryong manggagawa at tagapamagitan sa panalangin ay pinagpapala sa pamamagitan ng ministeryo. (Ps. 103:1)

15. Pinupuri Ka namin, Panginoong Diyos, dahil sa mga tapat na donor na nagbibigay ng pondo para sa mga programang Indonesian at Javanese Women of Hope. ( Heb. 13:15 )

16. Panginoon, ipinagdarasal namin ang mga kababaihan sa North India na may mga anak na lalaki at asawa na nalulong sa droga. Mangyaring magdala Ka ng kagalingan sa mga lalaking ito. ( Isa. 61:1 )

17. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang mga kababaihan sa Korea na naglilingkod sa mga bilangguan. Buksan Mo ang puso ng mga bilanggo upang marinig ang ebanghelyo at tanggapin si Hesus bilang kanilang Tagapagligtas. ( Isa. 42:7 )

18. Purihin ang Diyos sa pagbibigay ng isang boluntaryo upang itala ang mga kahilingan mula sa prayer calendar sa Mandarin. Sa kasalukuyan, ang isang minutong audio na panalangin ay nai-publish online at ilalagay sa mga shortwave broadcasts. ( 1 Pet. 4:10 )

19. Ama, nawa'y iligtas mo at palayain ang mga kabataang babae sa Cambodia mula sa pagkaalipin sa sapilitang paggawa, human trafficking at pakikipagkalakalan. (Ps. 91:2)